8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 1: Aralin 7 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:** Amabel T. Siason

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ UNANG KUWARTER / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan upang malinang ang pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga gawaing nagtatampok ng pagtitipid at pag-iimpok upang makatulong sa pamayanan (hal. pagbibigay ng mga lata, bote, pahayagan na maaaring ibenta).<br>a. Naiisa-isa ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan.<br>b. Naipaliliwanag na ang sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ay aktibong pakikibahagi sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan at pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng sariling pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pamayanan ayon sa kakayahan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | Mapagmalasakit (*Compassion*) |
| **E. Nilalaman** | Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan<br>C. Kaugnayan ng Pag-iimpok sa Pagtugon ng Pangangailangan ng Pamayanan<br>D. Paglalapat ng mga Paraan ng Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan Ayon sa Kakayahan |
| **F. Integrasyon** | Pamumuhunan (*Investment*) at Paglago ng Ekonomiya/*Prosperity* |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO+** |
|---|

cause. (2024a). In *Merriam-Webster Dictionary*. https://www.merriam-webster.com/dictionary/cause
Elmerraji, J. (2022, May 23). *How savings can save the economy*. Investopedia. https://www.investopedia.com/financial-edge/0310/savings-are-a-blessing-in-a-slow-recovery.aspx
*Giving to a cause | Consumer Financial Protection Bureau*. (2022, August 25). Consumer Financial Protection Bureau. https://www.consumerfinance.gov/consumer-tools/educator-tools/youth-financial-education/teach/activities/giving-cause/
Joe. (2024, January 31). 5 Extraordinary Stories About Giving. Seedtime Financial Education for Eternal Impact. https://seedtime.com/extraordinary-stories-about-giving/
VOLUNTEER definition and meaning | Collins English Dictionary. (2024). In *Collins Dictionaries*. https://www.collinsdictionary.com/dictionary/english/volunteer

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br><br>**Itanong:**<br>a. Bakit mahalaga ang tuloy-tuloy na pag-iipon? Ano ang mabuting dulot nito?<br>b. Ano-ano ang mga maaari mong gawin upang makapag-ipon?<br>c. Bakit mahalaga na alam mo ang paglalaanan ng iyong iniipon? | Ipaunawa:<br>Ang pag-iipon para tugunan ang pangangailangan ng iba sa pamayanan ay isang makabuluhang gawain na dapat taglayin ng kabataang tulad mo. Ang pag-iipon ay nangangahulugan ng pagiging handang tumulong ayon sa kakayahan sa mga pagkakataong may nangangailangan sa lipunan. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Kumustahin ang mga ginagawang paraan upang makaipon ang klase para sa kanilang tinukoy na layunin o gagawing pagtulong. Tukuyin kung magkano na ang naipon ng klase.<br><br>**Itanong:** Ipagpalagay na sobra ang halaga para sa kakailanganing proyekto ng pagtulong, ano ang imumungkahi mong gagawin sa matitirang pera? | Ipaunawa ng guro sa mga mag-aaral na ang pag-iipon ay hindi lamang para sa isang layunin, maraming magandang maidudulot nito sa sarili at sa pamayanan. Mahalaga ang kamalayan sa mga nangyayari sa pamayanan. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Tukuyin ang salita sa bawat bilang.<br>___________1. Layon para sa isang aksiyon o kondisyon.<br>___________2. Isang bagay na ibinibigay sa isang kawanggawa, lalo na ang isang halaga ng pera.<br>___________3. Ito ay ang kalipunan ng mga gawain ng tao, pamayanan, at institusyon na may kaugnayan sa paglilikha, pamamahagi, palitan at pagkonsumo ng mga produkto at serbisyo.<br>___________4. isang taong gumagawa ng trabaho nang hindi binabayaran dahil gusto nilang gawin ito. | 1. *Cause* (Dahilan)<br>2. Donasyon<br>3. Ekonomiya<br>4. Boluntaryo |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 2: Kaugnayan ng Pag-iimpok sa Pagtugon ng Pangangilangan ng Pamayanan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Basahin ang maikling kuwento tungkol sa pagmamalasakit at ang naging epekto nito sa taong tinulungan. Pagkatapos basahin, sagutin ang mga katanungan.<br><br>Ilang taon na ang nakalipas, napansin ng isang Pastor na ang pamilyang nakatayo sa harap niya sa isang *convenience store* sa *New Orleans* ay walang sapat na pera upang bayaran ang kanilang mga pinamili. Tinapik niya ang balikat ng lalaki at sinabing, “Hindi mo na kailangang lumingon, tanggapin mo ang perang ito.” Kinuha ng lalaki ang pera ng hindi nakikita ang mangangaral.<br><br>Pagkaraan ng siyam na taon, inanyayahan ang Pastor na magsalita sa isang simbahan sa *New Orleans*. Pagkatapos ng serbisyo, isang lalaki ang lumapit sa mangangaral at ibinahagi ang kuwentong ito tungkol sa kung paano siya naniwala kay Kristo: “Ilang taon na ang nakalipas, ang aking asawa at ang aming anak ay naghihirap. Nawalan kami ng lahat, walang trabaho, walang pera at nakatira sa aming sasakyan. Nawalan na rin kami ng pag-asa, at pumayag sa isang kasunduan na magpakamatay, kasama ang aming anak. Gayunpaman, nagpasya kaming bigyan muna ng pagkain ang aming anak, kaya nagmaneho kami sa isang *convenience store* para ibili siya ng pagkain at gatas.” | Ang kuwento ay makikita sa *link* na ito:<br>*Seedtime Financial Education for Eternal Impact.* https://seedtime.com/extraordinary-stories-about-giving/ |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
“Habang nakapila kami sa tindahan, napagtanto namin na wala kaming sapat na pera para bayaran ang mga bagay na ito, ngunit hiniling sa amin ng isang lalaki sa likuran namin na kunin ang pera sa kaniyang kamay at huwag tumingin sa kaniya. Sinabi sa amin ng lalaking ito na “Mahal ka ni Hesus."
“Iniwan namin ang tindahan, nagmaneho patungo sa aming itinalagang lugar ng pagpapakamatay, at umiyak nang ilang oras. Hindi namin kayang gawin, kaya umalis na kami. Habang nagmamaneho, napansin namin ang isang simbahan na may karatula sa harapan na nagsasabing, ‘Mahal ka ni Hesus.' Nagpunta kami sa simbahang iyon nang sumunod na linggo, at pareho kaming naligtas ng asawa ko noong araw na iyon.”
Pagkatapos ay sinabi niya sa Pastor, “Nang magsimula kang magsalita kaninang umaga, alam ko kaagad na ikaw ang taong nagbigay sa amin ng perang iyon.” Paano niya nalaman? Ang pastor ay mula sa South Africa at may kakaibang accent. Patuloy niya, “Ang iyong kabutihan ay higit pa sa isang simpleng mabuting gawa. Tatlong tao ang nabubuhay ngayon dahil dito.”
Pamprosesong Katanungan:
<ol>
<li>Paano ipinakita ang pagmamalasakit sa kuwento?</li>
<li>Paano nakaapekto ang tila maliit na kilos na ito sa buhay ng pamilyang nangangailangan?</li>
<li>Suriin ang kapangyarihan ng pagmamalasakit at empatiya. Sa kabila ng pagkakaiba sa kultura at wika, paano nakatulong ang pagmamalasakit sa pagbibigay ng pag-asa sa buhay sa pinakamadilim na oras ng isang pamilya?</li>
</ol>
Ayon sa binasa, may mga buhay na naisalba dahil sa pagbibigay ng pera upang tulungan ang isang pamilya. Ito ay nagbigay ng pag-asa sa pamilya upang patuloy na mabuhay at gumawa ng paraan upang guminhawa ang kanilang buhay. Sa pinag-igting na pagmamalasakit sa kapuwa at malikhaing paraan ng pag-iipon, ang bawat tao, mayaman man o mahirap ay may kakayahan na tumulong.
Ang pag-iipon upang makatulong sa ibang tao ay may magandang dulot sa sarili, sa ibang tao, at sa pamayanan. Narito ang ilan:
<ol>
<li>Pagiging maingat sa pamamahala sa iyong pera upang may maitabi para sa iba. Natututuhan ang paggastos ayon sa pangangailangan.</li>
<li>Nagiging malikhain sa mga paraan ng pag-iipon.</li>
</ol>
</td>
<td>Bilang paghahanda, alamin ang mga posibleng institusyon, pamilya o mga indibiduwal na may mga pangangailangan sa pamayanan. Maaari itong ibigay na halimbawa sa mga mag-aaral.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Lumalabas ang pagiging *entrepreneur* ng isang tao. Ang taong nagsasagawa ng mga paraan upang makatipid at makapag-ipon ay natututong magbenta, mamuhunan, o magnegosyo upang madagdagan ang kita.<br><br>Ang pamumuhunan ay isang paraan upang mapalago ang ekonomiya ng isang bansa. Ang mga personal na ipon ay hindi lamang mahalaga para sa pinansiyal na kagalingan ng isang indibiduwal, ito ay nakakatulong din sa pambansang antas. Kapag mataas ang antas ng personal na pagtitipid, mas mabilis ang pagbawi ng ekonomiya.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>a. Bukod sa inilarawan sa kuwento, anong mga pangangailangan sa iyong pamayanan ang maaari mong tugunan at paano ito tutugunan? Ano naman kaya ang posibleng maging epekto nito? | |
| | (see table below) | **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na gumawa ng iba pang malikhaing paraan sa pag-iimpok. |

| Pangangailangan sa Pamayanan | Paano Ito Tutugunan | Posibleng Epekto |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

b. Paano makakatulong ang pag-iimpok sa pagtugon na gagawin?

**IKALAWANG ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Balikan ang layuning itinalaga noong nakaraang linggo. Bigyan ng pagkakataon ang klase na magplano sa gagawin. Kung kinakailangan ay maaari itong baguhin o palawakin base sa katatapos na talakayan at gawain.

| Pamagat ng Gawain<br>Mga Layunin | |
|---|---|
| Lugar na Pagdaraosan ng Gawain at Oras | |
| Mga Makikinabang sa Pamayanan | |
| Mga Kagamitang Ihahanda | |
| Komite | |

**Paglalapat at Pag-uugnay**
Gumawa ng tseklist ng mga kailangang ihanda bago ang araw ng pagsasagawa ng pagtulong.

| | | |
|---|---|---|
| | **Kaugnay na Paksa 2: Paglalapat ng mga Paraan ng Sariling Pag-iimpok at Pagtitipid Upang Makatulong sa Pamayanan Ayon sa Kakayahan**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Itanong: Sa mga gawain sa araling ito, ano-anong mga pagpapahalaga o kakayahan mo ang nalinang pa? (Mga inaasahang sagot: pagmamalasakit, pagkamalikahin, pagtitipid)<br><br>Ang pagmamalasakit sa kapuwa ay isang makabuluhang inspirasyon upang mahikayat ang sarili na mag-ipon para makatulong. Ang pagiging malikhain ay isang mabisang paraan upang makabuo ng epektibong pagkilos sa pagtitipid. Ang aralin ay nagpamulat sa inyo na hindi kailangang maging mayaman para ang isang tao ay makatulong sa iba. Sa pamamagitan ng kolektibong pagkilos ang pagtulong sa kapuwa ay posible.<br><br>Upang madagdagan ang nalikom ng pera mula noong nakaraang linggo, paigtingin ang pag-iipon sa pamamagaitan ng mga gawain gaya ng paggawa ng poster na naglalaman ng mga gaya nito: "*Give for a Cause*", "*Save Money, Save Lives*". Ilagay ito sa labas ng silid-aralan kasama ng garapon na ginawa noong nakaraang linggo na pinaglalagyan ng ipon ng klase. Maaari ring magbenta ng mga bote, plastic, at iba pang kaparaanan.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Pagplano at Paghahanda**<br>Pangkatin ang klase base sa mga nabuong komite. Bawat pangkat ay magpaplano ng kanilang paghahanda para sa napagkasunduang pagtulong sa pamayanan.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Pagsasagawa sa napiling gawain.<br>Kung lalabas ng paaralan para sa gawain, iproseso ang mga kinakailangang papeles sa paglabas gaya ng *Parent's Consent/ Waiver*. | |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>Pagkatapos ng gawain, magkaroon ng pagtataya sa ginawa. Hayaang ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa mga tanong.<br>a. Ano ang pinakagusto at ayaw mo sa ginawa nating aktibidad?<br>b. Paano ginampanan ng bawat kasapi ang kanilang tungkulin?<br>c. Paano mo ginugol ang mga mapagkukunan tulad ng oras at pera? Makabuluhan ba ito? Bakit?<br>d. Nakamit mo ba ang iyong layunin sa pamamagitan ng mga ginawa ng klase? Bakit?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Pagnilayan ang iyong sagot sa mga katanungan. Isulat sa sagutang papel ang kasagutan.<br>a. Pagkatapos maisagawa ang pagpapakita ng malasakit sa kapuwa, paano nakatulong sa aking buhay ang pag-iipon para makatulong sa iba?<br>b. Ano ang mga hamong napagdaanan ko sa pagtulong sa iba?<br>c. Ano ang mga kaya kong isakripisyo upang lalong mapalago ang aking pag-iipon upang makatulong sa iba? | Ang pagtataya ay maaaring gawin bilang buong klase o pangkatan |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Ibigay ang hinihiling sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>a. Ano-ano ang mga malikhaing paraan ng pag-iipon ang maaaring magawa ng isang kabataang tulad mo upang makatulong sa iba? Magbigay ng lima.<br>b. Sa mga darating na panahon, sa paanong paraan mo gagamitin ang perang naipon mo upang maipakita ang pagmamalasakit sa iba? Magbigay ng tatlo at ipaliwanag ang bawat isa.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>Bilang paghahanda sa susunod na aralin, magsaliksik tungkol sa mga tungkulin ng pamilya sa edukasyon ng bata. Isulat sa kuwaderno ang inyong mga nalaman. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa pamamagitan ng aktuwal na pagtulong sa pamayanan?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral na nakatulong sa pag-unawa ng pagpapahalaga?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral sa isinagawang pagtulong sa kapwa?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang maikintal ang pagmamalasakit sa mga mag-aaral?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |